International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 2 Issue 1 | December 2021

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 122-131

# Guided Reading-Thinking (PPP): A Method for Teaching Asian Literature

**Susan B. Lagat**
*Cagayan National High School, Tuguegarao City*
*susan.lagat002@deped.gov.ph*

**Abstract:** One of the requirements of the new curriculum is the development of learning skills such as reading comprehension for 21st century students. This study was created to keep up with and follow the call of the modern trend in pedagogy or teaching in the Filipino subject, particularly in Asian Literature subjects. This study focuses on looking at the Guided Reading-Thinking strategy, as an effective method of teacher instruction and students' understanding of reading Asian literature to respond to the call of 21st century skills. How can Guided Reading-Thinking respond to the call for 21st-century skill needs, and what impact does this have on teachers' pedagogy and student learning? The research design used in the study is qualitative because the main objective of the study was to establish answers to the how's of the action research questions. The findings revealed that, based on the posttest results, there was an increase in the score of the experimental group while the level of the control group remained the same.

***Keywords:*** *learning skills, Guided Reading –Thinking, modern trend pedagogy, 21st century skills*

## I. INTRODUKSYON

Sa panahon ngayon ay mahirap nang makipagsabayan sa pagtuturo man o sa pagkatuto. Tunay nang mapanghamon ang kasalukuyang panahon ng K- 12 kurikulum. Kailangang maging pokus ang mga mag-aaral sa mga panitikang binabasa upang mapahusay, mapanatili at mapaunlad ang pag-unawa dito.

Ang pangunahing tungkulin ng mga guro sa wika at panitikan ay mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa o reading comprehension, gayundin sa pamaraan ng pagtuturo ng mga guro. Kailangan din ng mga guro na paunlarin ang paraan ng pagtuturo upang makuha ang interes ng bawat mag-aaral at upang makasabay sa uri ng ika-21 siglong mag-aaral.

Batay sa modyul ng Grade -9 na ibinahagi ng DepEd, ang panitikan ay kayamanan o minanang hiyas na nagsisilbing nag-uugnay sa atin sa iba't ibang kultura ng bansa sa daigdig. Sa bawat panahong nagdaan, nabubuksan din ang kamalayan at pag-unawa sa natatanging kontribusyon ng Panitikang Asyano sa daigdig ng alamat, maikling kwento, sanaysay, dula at iba pa.

Sa masaklaw na paglalarawan, ang panitikang Asyano ay hinulma nito ang ating pagkakakilanlan bilang Pilipino. Samakatwid hindi nagkakalayo ang kultura ng ating bansa sa iba pang bansa sa Asya.

Sa kabilang dako, ang nakikitang suliranin sa pagbasa at pag-unawa sa Panitikan Asyano ay ang kawalan ng interes at pagpapahalaga ng mga mag- aaral sa kultura ng pinagmulan ng nasabing panitikan. Isa pang dahilan ay ang mababang komprehensiyon ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 122-131

Batay sa isang pag-aaral, ang pagbasang may komprehensyon o pagbasang may pag-unawa ay pagbuo ng kahulugan habang nagaganap ang interaksyon sa teksto. Sinasabing kung walang pag-unawa ay walang pagbasang nagaganap.

Ayon kay Goodman (1969), ang pagbasa ay nagiging makahulugan kung may interaksyon ang mambabasa at ang teksto. Kapag tayo'y nagbabasa, ang mga istratehiya natin sa pag-unawa ang dagliang nagbubunsod sa atin upang maiugnay ang ating kaalaman at mga karanasan sa mga impormasyon sa teksto upang makabuo tayo ng isang pagpapakahulugan. Ang pag-unawa/komprehensyon ay isang masalimuot na prosesong pangkaisipan. Hindi ito matututunan sa isang upuan lamang. Nangangailangan ito ng tuloy-tuloy na pag-aaral at paggamit.

Samakatuwid, sa interaktibong pananaw ng pagbasa, ito ay nagbibigay ng pangunahing diin sa paggamit ng dating kaalaman (iskema) at konsepto sa paligid. Ang bawat yugto ng gawaing pagbasa ay kakikitaan ng aktibong partisipasyon ng mambabasa.

Ang Pinatnubayang Pagbasa – Pag-iisip o Direct Reading – Thinking Activity (DRTA) ay isang estratehiya sa pagbasa na binuo ni Russell Stauffer (1969) kung saan ang mambabasa ay nagbibigay ng kanilang sariling hula o palagay tungkol sa teksto. Dito makikita ang tuwirang interaksyon sa pagitan ng mambabasa at ng teksto. Ang paraang DRTA ay binubuo ng tatlong pangunahing hakbang na inaasahang magagawa ng mambabasa - (1) pagbibigay-hula, (2) pagbabasa, at (3) pagpapatunay ayon sa impormasyong nasa teksto.

Ito ngayon ang nag-udyok sa gurong - mananaliksik na gamitin ang interbensiyong Pinatnubayang Pagbasa- Pag-iisip (PPP) upang mapukaw ang interes ng mga mag-aaral sa pagbasa at mapa-unlad ang kanilang komprehensiyon sa pag-unawa sa Panitikang Asyano.

Hindi lingid sa kaalaman ng lahat na dapat taglayin ng isang mag-aaral ang malawakang pag-unawa sa panitikang nabasa.

## II. MUNGKAHING INOBASYON, INTERBENSYON AT ESTRATEHIYA

Sa buhay ng isang mag-aaral at para na rin sa isang guro, mahalaga na may partikular na estilo ang pamamaraan ng pagtuturo o ang pagkatuto sa panitikang binabasa.

Nakalulungkot isipin na ang kakayahang taglay ng mga mag-aaral sa pagbasa ay iyong simpleng paggunita ng mga impormasyong tuwirang nakalahad sa teksto, kahit pa marami nang paraan sa ngayon ang nakatutulong upang matutong bumasa ang mga mag-aaral at isa na rito ang kompyuter.

Ang Pinatnubayang Pagbasa- Pag-iisip o PPP ay isang interbensiyong gagamitin ng guro upang linangin ang abilidad ng isang mag-aaral sa pag-unawa sa binasang panitikan. Magsisimula siya sa paghihinuha, pagtatanong at patuloy na pagbabasa, kalakip nito ay ang paggamit ng "graphic organizers" na naaayon sa mensahe ng panitikan. Hanggang sa dumating ang panahon kung kailan may mabubuong ideya sa kanyang isipan at paunlarin ang kanyang imahinasyon sa kanyang binasa.

Samantala, sinasabing taglay ng isang mag-aaral ang kakayahang ito kung ang lebel ng kanilang pag-unawa ay nakabatay sa sumusunod; Una, Reading the lines or on the line, dito ipinakikita na ang isang mambabasa ay naka-uunawa ng mga kahulugan at mahahalagang

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 122-131

detalye ng teksto. Pangalawa ay pagbasa sa pagitan ng mga linya; kung saan ang mga mag-aaral ay inaasahang may mas malalim na pag-unawa sa binasa. Dito ipinakikita ang paghihinuha sa layunin ng awtor, pagbigay ng interpretasyon, pagbigay ng hatol at paghahambing ng ideya ng awtor sa ideya ng mambabasa. Pangatlo, Reading beyond the lines. Dito sangkot ang teknik, kritikal at malikhaing pagbasa; kung saan nahuhulaan ng mambabasa ang magaganap, natutukoy ang kongklusyon ng binasa, nakapagbibigay ng mga bagong padron ng mga ideya, at nakapagpapalawak ng sariling kaisipan. Maliban dito, masusukat ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral gamit ang taksonomi nina Bloom at Barret.

## III. MGA TANONG PAMPANALIKSIK

Ang pag-aaral na ito ay may layuning maipakita ang epekto sa paggamit ng Pinatnubayang Pagbasa-Pag-iisip (PPP) bilang paraan ng pagtuturo at pagpapaunlad ng kakayahan sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa Grade- 9 Helium (Control) at Grade-9 Flourine ( Exparimental) ng Cagayan National High School sa taong panuruan 2018-2019.

Ito ay upang matugunan ang mga sumusunod na tiyak na katanungan:

1. Ano ang Mean ng paunang pagtataya at panghuling pagtataya sa iskor ng pangkat Control at pangkat Experimental?
2. May mahalaga bang pagkakaiba sa Mean scores ng dalawang pangkat bago at pagkatapos ng implementasyon ng interbensiyon?
3. May mahalaga bang pagkakaiba sa Mean ng paunang pagtataya at panghuling pagtataya na score ng bawat pangkat?
4. Ano ang epekto ng Pinatnubayang Pagbasa- Pag-iisip sa pag-unlad ng kakayahang pag-unawa sa Panitikang Asyano ng mga mag-aaral sa Grade 9-Flourine?

## IV. LAWAK AT SAKLAW NG PANANALIKSIK

### A. SAMPLING

Magkakaroon ng dalawang set ng pagsusulit na ang bawat aytem ay magkakaugnay. Ang unang set ay magagamit upang makuha ang iskor ng mga respondents sa Paunang pagtataya. Ang ikalawang set ay magagamit upang matukoy ang iskor ng mga respondents sa Panghuling pagtataya.

Mabibigyan din ng “questionnaire” ang mag-aaral upang malikom ng pag-unawa tungkol sa interbensiyong ginamit.

Ang mga kasapi ng pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral ng Grade - 9 Helium na may kabuuang bilang na 43 mag-aaral, 18 na lalaki at 25 na babae ( Experimental) at Grade – 9 Flourine na may kabuuang bilang na 43 mag-aaral, 21 na lalaki at 22 na babae (Control) ng Cagayan National High School sa taong panuruan 2018-2019.

Ang bawat aytem sa pagsusulit ay hango sa modyul ng Grade-9.

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 2 Issue 1 | December 2021
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 122-131

### B. PANGANGALAP NG DATOS

Bago isagawa ang pag-aaral, ang gurong- mananaliksik ay hihingi ng pahintulot sa punong Departamento at sa punongguro sa pamamagitan ng liham upang isangguni at sang-ayunan o aprubahan ang pag-aaral.

Kung nagkaroon na nang pahintulot mula sa dalawang pamunuan, ang mananaliksik ay magsimulang lumikom ng mga datos mula sa mga respondents sa pamamagitan ng pagsusulit:

- Bago pa mabigyan ng interbensiyon ang mga respondents, isasagawa na ang paunang pagtataya na may 30 kabuuang bilang upang matukoy ang kaalaman ng mga mag-aaral tungkol sa panitikang Asyano. Ang magiging resulta ay iwawasto at itatala.
- Pagkatapos ng paggamit ng interbensiyon, ang mga respondents ay isasailalim muli sa isang set ng pagsusulit na may 30 kabuuuang bilang. Mabigyan ang mga mag-aaral ng Panghuling pagsusulit. Ito ay upang matukoy kung ang ginamit na interbensiyon ay epektibo o hindi.
- Paghambingin ang dalawang resulta ng pagsusulit ng dalawang pangkat. Kung may kabuluhan, itatala ang naging resulta nito.

Bilang karagdagan, mabibigyan ng questionnaire ang mga respondents upang makuha ang kanilang persepsiyon o pag-unawa tungkol sa interbensiyong ginamit.

## V.KINALABASAN SA NAKALAP NA DATOS NG PANANALIKSIK, KONKLUSYON AT REPLEKSYON

**Table 1: Mean Pre-test Scores ng dalawang pangkat**

| | Group | N | Mean | Std. Deviation | Std. Error Mean |
|---|---|---|---|---|---|
| Pretest | Experimental | 40 | 7.3000 | 1.68249 | .26602 |
| | Control | 40 | 7.3500 | 1.70294 | .26926 |

Batay sa talahanayan 1 inilahad ang Mean Scores ng dalawang pangkat ng mga mag-aaral para sa pananaliksik. Ipinakita sa talahanayan na ang pangkat Experimental ay may mean score na 7.3000 samantala ang pangkat Control ay may mean score na 7.3500. Pareho ang lebel ng mean scores ng dalawang pangkat sa isinagawang Pre-test. Patunay nito na hindi magkakalayo ang lebel ng dalawang pangkat.

**Table 2: t-test for equality ng Pre-Test Means**

| | Levene's Test for Equality | t-test for Equality of Means |
|---|---|---|

| | | of Variances | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | F | Sig. | t | df | Sig. (2-tailed) | Mean Difference | Std. Error Difference | 95% Confidence Interval of the Difference | |
| | | | | | | | | | Lower | Upper |
| Pretest | Equal variances assumed | .093 | .761 | -.132 | 78 | .895 | -.05000 | .37851 | -.80355 | .70355 |
| | Equal variances not assumed | | | -.132 | 77.989 | .895 | -.05000 | .37851 | -.80356 | .70356 |

Batay sa talahanayan 2 ipinakita ang t-test para sa magkatimbang na Mean Scores sa Pre-test ng dalawang pangkat. Ang resulta ng Significance value ay .895 na lalong mas mataas sa set level of Significance na 0.05, samakatwid, tinatanggap ang null hypothesis. Ipinapakahulugan nito na ang dalawang pangkat ng mga mag-aaral na kasapi sa pag-aaral ay walang pinagkaiba sa bawat isa. Ang naitalang resulta na significance value ay ipinapahiwatig na ang dalawang pangkat ay magkapareho ang kanilang kaalaman at kasanayan sa pag-unawa sa binasa.

**Table 3: Mean Post Test Scores ng dalawang pangkat**

| | Group | N | Mean | Std. Deviation | Std. Error Mean |
|---|---|---|---|---|---|
| Posttest | Experimental | 40 | 13.8250 | 2.27458 | .35964 |
| | Control | 40 | 8.1250 | 1.71251 | .27077 |

Inilahad sa talahanayan 3 ang resulta ng Mean Posttest Scores ng dalawang pangkat. Batay dito, nagkaroon ng pagbabago sa Mean scores ng pangkat Experimental pagkatapos ng isinagawang posttest na may resultang 13.8250 samantalang ang pangkat Control ay nagkaroon ng Mean Scores na 8.1250. Pinatutunayan nito na nagkaroon ng makabuluhang epekto ang paggamit ng interbensiyong Pinatnubayang Pagbasa-Pag-iisip batay sa pagkakaiba ng resulta sa Std. Deviation ng dalawang pangkat pagkatapos ng isinagawang posttest.

**Table 4: t-test for Equality ng Posttest Means**

| | Levene's Test for Equality | t-test for Equality of Means |
|---|---|---|

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 122-131

| | | of Variances | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | F | Sig. | t | df | Sig. (2-tailed) | Mean Difference | Std. Error Difference | 95% Confidence Interval of the Difference | |
| | | | | | | | | | Lower | Upper |
| Posttest | Equal variances assumed | 4.220 | .043 | 12.662 | 78 | .000 | 5.70000 | .45018 | 4.80376 | 6.59624 |
| | Equal variances not assumed | | | 12.662 | 72.462 | .000 | 5.70000 | .45018 | 4.80268 | 6.59732 |

Ipinapakita sa talahanayan 4 ang t-test for Equality of Posttest – ang Mean Scores ng dalawang pangkat ay may significance value na .000 na mas mababa sa set level of significance na 0.05, samakatwid, hindi tinatanggap ang null hypothesis.Pinatutunayan sa talahanayang ito na ang dalawang pangkat ng mag-aaral na kalahok sa pag-aaral ay may makabuluhang pagkakaiba sa isa't isa. Ang resulta ng significance value ay ipinapahiwatig na ang pangkat ng mga mag-aaral na gumamit ng interbensyon ay mas naging epektibo sa pag-unawa sa binasa kaysa sa pangkat ng mga mag-aaral na gumamit ng tradisyunal na paraan ng pagtuturo.Ang significance value ay ipinapahiwatig na ang istratehiyang Pinatnubayang Pagbasa- Pag-iisip para sa kasanayang pag-unawa sa binasa ay mas mabisa sa komprehensiyon ng mga mag-aaral sa pagbasa ng panitikan kaysa sa pamamaraang pagtuturo ng tradisyonal sa Panitikang Asyano.

**Table 5: Paired Samples t-test for Equality of Pre-Test at Posttest Means ng pangkat Control**

| | Paired Differences | | | | | t | df | Sig. (2-tailed) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Mean | Std. Deviation | Std. Error Mean | 95% Confidence Interval of the Difference | | | | |
| | | | | Lower | Upper | | | |

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pair 1 | Pretest (Helium) Posttest(Helium) | -6.52500 | 2.54183 | .40190 | -7.33792 | -5.71208 | -16.235 | 39 | .000 |

Batay sa talahanayan 5, inilahad na walang makabuluhang pagtaas ng Mean scores ng Pre-test sa Mean Scores Posttest ng pangkat Control na may significance value na .000. Maaaring epektibo pa rin ang tradisyunal na pagtuturo sa panitikan ngunit hindi gaanong nakapagdudulot ng kasanayan sa pag-unawa sa binasa.

**Table 6: Paired Samples t-test for Equality of Pre-Test at Posttest Means ng pangkat Experimental**

| | | Paired Differences | | | | | t | df | Sig. (2-tailed) |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Mean | Std. Deviation | Std. Error Mean | 95% Confidence Interval of the Difference | | | | |
| | | | | | Lower | Upper | | | |
| Pair 2 | Pretest(Flourine) Posttest(Flourine) | -.77500 | 2.45459 | .38810 | -1.56002 | .01002 | -1.997 | 39 | .053 |

Batay sa talahanayan 6, maliwanag na inilahad ang resulta ng Mean Pretest sa Mean Posttest ng pangkat Experimental. Kung paghambingin ang Pre test at Posttest ng Pangkat Experimental batay sa naging resulta ng significance value na .053 ay nagkaroon ng makabuluhang pagtaas sa Posttest pagkatapos gamitin ang interbensyon. Samakatwid, ipinapakita na epektibo ang paggamit ng interbensiyon sa kasanayang pampagkatutong pag-unawa sa binasa sa Panitikang Asyano.

## KONKLUSYON

Napatunayan sa pag-aaral na ito na ang dalawang pangkat ay nagkaroon ng parehong lebel ng kaalaman, kasanayang pampagkatuto sa pag-unawa sa binasa bago gamitin ang interbensyon. Nailahad sa resulta ng Pretest ang parehong lebel ng kaalaman ng dalawang pangkat ngunit nagkaroon ng pagkakaiba ng kanilang kasanayang pampagkatuto pagkatapos ang isinagawang interbensyon sa pangkat ng Experimental. Batay sa resulta ng posttest nagkaroon ng pagtaas ng iskor ng pangkat experimental samantalang nanatili ang lebel ng pangkat Control.

Inilalahad sa resulta ng posttest na mabisa ang interbensyon ginamit sa kasanayang pampagkatuto ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasang Panitikang Asyano.

**REKOMENDASYON**

Ang sumusunod na mungkahi/rekomendasyon ay maitatapat na solusyon sa natagpuang suliranin sa pag-aaral:

1. Ipabatid sa mga guro na nagkakaroon ng mas mahabang retensiyon ng mga mag-aaral sa kanilang pagbabasa ng panitikan kung isinasagawa ang interbensyon Pinatnubayang Pagbasa-Pag-iisip.
2. Sa kasanayang pampagkatutong pagbasa, hinihiling na ang mga gurong nagtuturo ng panitikan ay isasagawa sa iba't ibang gawain na batay sa abilidad ng pag-unawa ng mga mag-aaral.
3. Hinihikayat din ang mga guro na maglaan ng ilang minuto sa bawat bahagi ng panitikang binabasa ng mga mag-aaral bago lumipat sa ibang banghay ng kwento upang mas mabatid nila ang tunay na kahulugan o mensahe nito.
4. Ipaunawa sa mga mag-aaral na mahalagang magbigay ng kahulugan ng mga pangyayari sa binasa na umiikot lamang sa buong konteksto ng kwento.
5. Sa pagbabasa ng isang panitikan, ipabatid sa mga mag-aaral na iwasan ang "over reading" na pagpapakahulugan sa isang kwento.

## VI. PANUKALANG GAWAIN

| Estratehiya | Programa | Gawain | Resources | | | Panahon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | Pisikal | Materyal | Pinansyal | |
| Paglalahad sa naging resulta o kinalabasan ng pag-aaral. | Pinatnubayang Pagbasa- Pag-iisip: Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikang Asyano | **Manuscript Reproduction**<br><br>Pagbibigay ng hardcopy sa CNHS at softcopy sa departamento. | • Mananaliksik | Soft/ hard bound copy | P300 | INSET/ LAC Session (May - June 2019) |
| Pag-iisa-isa at Pagpapabatid sa rekomendasyon ng pag-aaral. | | Pagpapaliwanag sa mga kaguro ang kinalabasan ng pananaliksik.<br><br>. | • Mananaliksik at mga guro sa Filipino | Soft copy | P50 | |
| | | | | **Total Estimated Expenses:** | **P 350** | |

## VII. DESIMINASYON AT PINAGGAMITAN

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 122-131

Napakahalaga sa pagpapalaganap at paggamit ng resulta ng pananaliksik na ito sa kinalabasan ng pagkatuto at pag-unawa ng mga mag-aaral, mapabuti ang kalakhan ng dunong at paraan ng pagtuturo.

Ang mananaliksik, sa pakikipagtulungan ng punongguro ay responsable sa pagpapalaganap sa kahinatnan ng pag-aaral. Bukod dito, ipababatid ng mananaliksik ang resulta at rekomendasyon sa pinagganapan ng pag-aaral na dadaluhan ng mga respondents.

Ito ay maaaring gamitin ng mga guro sa Filipino sa lahat ng grado at mga gurong nagtuturo sa asignaturang English at Araling Panlipunan.

## VIII. MGA SANGGUNIAN

Agustin, C. P. (2019). The teaching behavioral attitudes of the faculty members of college of business, entrepreneurship and accountancy: A comparative Students evaluation. International Journal of Advanced Research in Management and Social Sciences. 8 (3), 132-170

Agustin, C.P. & Lagundi R.F. N. ( 2019) Classroom teaching Management and Evaluative techniques of the Instructional Staff of business, entrepreneurship and accountancy. International Journal of Advance Research in Management and Social Sciences.8 (3), 171-196.

Bangayan-Manera, A. (2019). Textual Analysis of School Graffiti. The Asian EFL Journal. 21 (2.3), 273-285.

Bangayan-Manera, A. (2019). Doodle: Towards A Hermeneutical Appreciation in Jacques Derrida’s Deconstruction. The Asian EFL Journal. 24 (4.2), 291-204.

Bangayan- Manera, A. (2020). Writing Without Permission: A Case study on Skinner's Analogy through Vandalism. International Journal of Psychosocial Rehabilitation. 24 (08), 571-578

Hallahan, D. K. (2015). Exceptional Learners: An Introduction to Special Education. Boston:Pearson/Allyn & Bacon.

Jennings, C. &. (1998). *Literacy and the key learning areas: successful classroom strategies.*Eleanor Curtain Publishing.

Lenski, S. D. (1999). *Reading and learning strategies for middle and high school students.*Dubuque, IA: Kendall/Hunt.

Malana, M.L. (2020) Comparative Analysis in the Performance of Students in Chemistry. International Journal of Psychosocial Rehabilitation. 24 (6)

Malana, M.L. (2020). Attitude and Level of Performance of Students in Chemistry. International Journal of Psychosocial Rehabilitation. 24 (8)10148-10154

Murdoch, K. (1998). *Classroom Connections: Strategies for Integrated Learning.* Eleanor CurtainPublishing.

Stauffer, R. G. (1969). *Directing reading maturity as a cognitive process.* New York:: Harper & Row.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 122-131

# APPENDIX

**Abstract in Filipino:**

## Pinatnubayang Pagbasa- Pag-iisip (PPP) : Pamamaraan sa Pagtuturo ng Panitikang Asyano

**Abstract-** Isa sa mga kailangan ng bagong kurikulum ay ang paglinang sa mga kasanayang pampagkatuto tulad ng Pag- unawa sa binasa o PB para sa pang-ika-21 siglong mag-aaral. Binuo ang pag-aaral na ito upang makaagapay at makasunod sa tawag ng makabagong kalakaran sa pedagohiya o pagtuturo sa asignaturang Filipino lalo na sa mga paksang Panitikang Asyano. Nakatuon o nakapokus ang pag-aaral na ito sa pagsipat sa estratehiyang Pinatnubayang Pagbasa- Pag-iisip o PPP bilang isang mabisang pamamaraan sa pagtuturo ng guro at pag-unawa ng mga mag-aaral sa binasang Panitikang Asyano para sa pagtugon sa tawag ng ika-21siglong kasanayan. Tinangka ng pag-aaral na sagutin ang mga sumusunod na tanong: Paano makatutugon ang Pinatnubayang Pagbasa- Pag-iisip o PPP sa tawag ng pangangailangan ng ika-21 siglong kasanayan at ang epekto nito sa pedagohiya ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral. Ginamit ang disenyong *qualitative* sa pag-aaral sapagkat ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay ang mabatid ang mga sagot sa mga tanong pampanaliksik. Natuklasan sa pag-aaral, batay sa mga resulta ng posttest, nagkaroon ng pagtaas sa marka ng pnagkat eksperimental habang ang antas ng pangkat control ay nanatiling pareho.

**Mga Susing Salita:**
*Kasanayang Pampagkatuto*
*Pinatnubayang Pagbasa-Pag-iisip*
*Makabagong kalakaran*
*Pedagohiya*
*Ika-21 siglong kasanayan*